



Lungsod ng Brampton magbubukas ng mga pop-up counter ng Service Brampton

BRAMPTON, ON (Agosto 27, 2021) – Simula sa Setyembre 1, 2021, ang bagong personal na mga pop-up counter ng Service Brampton ay pansamantalang bukas sa Susan Fennell Sportsplex, Cassie Campbell Community Centre at Gore Meadows Community Centre, nagbibigay ng paraan ng madaling pag-access sa impormasyon at mga serbisyo ng Lungsod para sa mga residente ng Brampton. Kakailanganin ang mga appointment at maaaring i-book sa www.brampton.ca/SkipTheLine.

Kumbinyenteng magagawa ng mga residente na bisitahin ang mga lokasyon ng Service Brampton sa buong lungsod para humingi ng mga serbisyo at kumpletuhin ang maraming iba't ibang transaksyon kabilang ang pagparehistro sa recreation, mga pagbabayad sa tiket sa pagparada at mga pagbabayad ng hindi cash na buwis. Tatanggapin lahat ang credit card, debit card at tseke sa mga lokasyong ito.

Ang pansamantalang ekspansyon ng bagong mga pop-up counter ng Service Brampton ay nariryan hanggang sa dulo ng 2022. Kasunod nito, rerebyuhin ng staff kung may pangangailangan na palakihin ang mga lokasyon nang permanente..

May apat na madaling paraan para makontak ang Service Brampton 24 oras araw-araw, 7 araw kada linggo:

- Bumisita online sa 311Brampton.ca
- I-download ang 311 Brampton app sa App Store o Google Play
- I-dial ang 311 mula sa loob ng city limits ng Brampton (905.874.2000 sa labas ng city limits)
- Mag-email sa 311@brampton.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca